

# Prologue

“*M*r. Buencamino? Your sister is here to see you.”

“Let her in,” ani Stephen sa sekretarya, hindi inaalis ang mga mata sa report na binabasa sa screen ng computer niya. Sa katunayan, he barely had the time to drink his coffee, but for his baby sister, he had all the time in the world.

“Hi, Kuya.”

Saka lang siya nag-angat ng tingin. Ngumiti siya sa nakababatang kapatid, pero agad napatayo nang makitang namumugto ang mga mata nito.

“What happened?”

Her face scrunched up and she sobbed before she walked right into his arms to cry against his shoulder.

“Hey, whatever it is, it’s going to be okay,” pang-aalo niya habang hinahaplos ang likod nito. Lalo lang itong umiyak. Iginiya niya ito sa sofa para makaupo bago siya naupo sa coffee table sa harapan nito.

“Ano’ng nangyari?” tanong niya na hawak ito sa mga braso.

“Si Ryan,” hikbi nito. “He’s cheating on me.”

“What?” natatawa niyang tanong.

Para kasing imposible. Ang fiancé nitong si Atty. Ryan Figuerroa na yata ang pinakamabait na taong nakilala ni Stephen. Ni hindi nga nito makuhang mag-bluff sa poker, manloko pa kaya ng babae? “Paano mo naman nasabing nangangaliwa siya?”

She sniffled and accepted the handkerchief he handed to her. “Naalala mo si Lydia? ’Yung friend kong taga-London?” Tumango si Stephen. “Well, nanood siya ng play n’ung isang araw. She’d always loved *Wicked* and you know na Pilipina ’yung gumaganap sa role ni *Elphaba* ngayon, di ba?” tukoy nito sa fictional character sa nasabing dula.

He had no idea.

“And she loves the idea of that. *Pinoy Pride*, yay!” walang buhay nitong saad. “Anyway, nagpunta sila backstage and guess who she saw. Si Ryan! Nag-abot ng flowers kay Adria Henares, the girl who plays *Elphaba*! Super excited daw ’yung babae na ang

higpit ng yakap kay Ryan.” Her bottom lip trembled, then she started to cry.

Kumurap-kurap si Stephen. “Yun lang? Carl, you know that I’d be the first one to beat him up if he’s cheating on you but that’s really not enough evidence that he’s cheating.”

Napaatras siya nang tapunan siya ng matalim na tingin ng kapatid. “Of course you’d say that! Pareho-pareho kasi kayong mga lalaki!”

“O, teka! Kakampi mo ako rito!” sabi niya na natatawa pa rin.

Pumalatak ito at tumayo. Sinundan niya ito ng tingin habang nagpapalakad-lakad ito. Huminto ito sa may bintana, tumingin sa labas at niyakap ang sarili.

“They went out to dinner daw,” kuwento nito na nanginginig na ang tinig. “Then he brought her to his hotel where they stayed for several hours bago bumaba ulit ’yung babaeng ’yun.” Hinarap na siya ni Carly na luhaan ang maganda at vulnerable na mga mata. “Ano’ng ginawa nila n’un, Kuya? Nagkuwentuhan?”

Hindi na kayang mangatwiran ni Stephen pagdating doon. Ano nga naman ang gagawin ng dalawa sa hotel matapos ang isang dinner date?

“So what are you planning to do now?”

“I need to ask you for a favor.” Huminga ito nang malalim at binigyan siya ng puppy dog eyes nito na alam nitong hindi niya matanggihan. “If you could go to London for me?”

“Ano?” bulalas niya. Napailing siya, hindi inaasahan ang hinihingi nito.

“Find out if this is true, kung niloloko lang talaga ako ni Ryan. I can’t leave right now. Kung pupunta ako ng London, iisipin niya na baka may alam ako. He’d know I was suspicious kaya ititigil niya ang kagaguhan niya kung meron. He’s not going to expect you.”

“Of course he’s not going to expect me! Why would he expect me?” taka niyang tanong.

“Yun na nga, Kuya. Sige na, please? Kahit isang linggo lang. Check out the London production of *Wicked*. Tingnan mo kung mas maganda ba sa ’kin ’yang Adria na ’yan kaya ipinagpalit ako ni Ryan sa kanya. Then kilalanin mo siya, tingnan mo kung sila nga ni Ryan.”

“Alam mo, kung talagang sa tingin mo, eh, nangangaliwa si Ryan, why don’t you just talk to him? Or break up with him—”

She blew out a frustrated breath. “I can’t just break up with him! Mahal ko siya, Kuya! Ikakasal na nga kami, di ba?”

“Ayun na nga! Kailan mo pa siya kakausapin tungkol d’yan sa mga problema ninyo? Kapag kasal na kayo at mas mahirap nang makipaghiwalay kung kailangan? Come on. I know you’re in love but you don’t have to be stupid about it,” wala sa loob niyang dagdag.

Nagsimulang mangatal ang bottom lip nito at agad na pinagsisihan ni Stephen ang sinabi. Tumayo na rin siya at lumapit dito. Hinawakan niya ito sa mga braso. “Hey! I’m sorry. I didn’t mean it.”

Suminghot itong muli bago yumakap sa kanya. Ibinalot din niya ang mga braso rito.

“I know I’m being stupid,” tahimik nitong pag-amin. “But I can’t help it, Kuya. Mahal ko talaga siya. Maiintindihan mo kapag nahanap mo na rin ’yung babaeng mamahalin mo.”

To be honest, he didn’t think so. Hindi niya makita ang sarili niyang nagpapakatanga para sa isang babae but sure, okay. Para na lang hindi na tumagal pa ang pagtatalo nila ni Carly.

“And if I go to London and I find out that yeah, he’s cheating on you. What then?”

Matagal itong hindi nagsalita, nakahilig lang sa kanya. Pagkatapos ay nadama niyang nagkibit-balikat ito. “Hindi ko alam. Saka ko na siguro malalaman kung mapatunayan nga nating niloloko

niya ako.”

“Eh, para saan pa ’yung pagpunta ko d’un kung hindi mo pala alam ang gagawin mo sakaling mapatunayan nating nangangaliwa siya? Hindi ba puwedeng hintayin mo na lang siyang makauwi?”

Pumalatak ito at tiningala siya. “Will you just go to London for me please? Para magbakasyon ka na rin.”

Gusto niyang tumanggi. Alam niyang dapat siyang tumanggi. Except he never could say no to her, even though what she had been asking for was something nearly impossible to do or something incredibly stupid.

Like now.

Inayos na niya sa isip niya ang schedule. He could rearrange his meetings, work overtime for a few days to finish his reports, then libre na siyang magbakasyon.

“Pag-iisipan ko,” buntong-hininga niya. “Hanggang kailan ba si Ryan sa London?”

“Ang paalam niya sa ’kin ay one month daw siya d’un.”

“Sige, tingnan ko.”

Masayang pumalampak si Carly saka siya mahigpit na niyakap sa mga balikat. “I knew I could count on you.”

“Hindi pa ako pumapayag.”

“Kapag naman sinabi mong titingnan mo, usually that already means yes, so... Thank you! I love you, Kuya.”

Natawa na siya at muli siyang bumuntong-hininga. “Brat. I love you, too.”

Bumalik si Stephen sa mesa nang magpaalam si Carly para bumalik na sa opisina nito. Naupo siya at binalikan ang report na binabasa pero naiisip pa rin niya ang pangalan ng babaeng pinagseselosan ng kapatid.

Narinig na niya ang pangalan ng babae. Mahilig sa mga plays ang kanilang ina at sigurado niyang nabanggit na nito ang pangalang Adria Henares. He pulled up a browser and *Googled* her name.

Lumitaw sa screen ang *Wikipedia* page nito at mga online articles tungkol dito. Ni-click niya ang images tab para tingnan ang mga larawan nito.

Hindi namalayan ni Stephen na napaawang ang kanyang mga labi.

He had seen more beautiful women than Adria, but for the life of him, he couldn't remember any of them at that moment while he looked at the woman with long, straight black hair and huge, sparkling eyes smiling at him from the screen. He had no idea how she could look like an innocent angel and

a wicked seductress both at the same time. All he knew was that she called to both sides of his nature, both the protective and the primal.

It was, however, his primal side that growled.  
*Mine.*

While studying every line of her face, every curve of her body, her *fully clothed* body, his own tensed, heated. Hardened. At kinailangan niyang kontrolin ang sarili para hindi magkuyom ang mga kamao niya sa ibabaw ng mesa o kaya ay abutin ang telepono at tawagan ang kanyang secretary para sabihing i-book na siya ng ticket papuntang London ngayon na.

Hindi puwedeng nangangaliwa si Ryan at lalong hindi puwedeng ito ang babaeng karelasyon nito. Because she was Stephen's. That was irrational dahil hindi naman niya kilala si Adria pero alam niya kaagad na sa kanya ito.

He wasn't going to let any man touch her.



# CHAPTER *One*

*U*bod ng mahiyain si Adria Henares noong bata pa siya. Hindi siya nagsasalita kung hindi rin lang kinakausap at madalas nakakalimutan ng ibang tao na naroon siya dahil wala siyang imik.

Madalas siyang nagtatago sa kung saan-saan para hindi mahatak ng socialite niyang mama para ipakilala sa kung sinu-sino nitong mga amiga. She was both shy and an introvert which was a painfully hard combination. Mas komportable lang talaga siya na mag-isa at ang mga imaginary characters lang sa kanyang isip ang kasama. Masaya siya na ganoon, na may sarili siyang mundo. Pero alam din niyang hindi naman tama na manatili siyang masyadong

mahiyain.

Sa kagustuhang kalabanin ang pagiging mahiyain, at dahil gusto talaga niya ang pagkanta at pag-arte, nagsimula siyang mag-audition sa mga school plays kahit pa namumutla siya at mangiyak-ngiyak sa nerbiyos. Pero iba kasi talaga ang entablado para sa kanya. Kapag umaapak siya roon, nawawala si Adria. Ang naiiwan sa lugar ay kung sinong character ang gaganapin niya.

Naging si *Juliet* na siya sa *Romeo and Juliet*, si *Kim* ng *Miss Saigon*, si *Fantine* ng *Les Miserables*, at ngayon ay si *Elphaba*, ang *Wicked Witch of the West*, ng *Wicked*.

Sa entablado, maaari siyang maging ibang tao. Pero sa labas ng teatro, siya pa rin si Adria na tahimik, introvert at ubod nang mahiyain.

Kaya tuwing natatapos ang performance nila gabi-gabi, mas napapagod siya kapag nakikipag-usap sa mga tagahangang naghihintay sa kanya backstage kaysa sa pagkanta at pag-arte sa stage.

Siyempre hindi niya iyon puwedeng ipahalata sa mga fans. Mabait siya sa mga ito at appreciative naman talaga siya sa suporta at paghanga ng mga ito. Kaya kahit mas masakit pa ang tiyan niya sa nerbiyos sa tuwing nakikihalubilo sa mga ito kaysa sa pagharap sa mga ito kapag nasa stage siya, naglalaan

talaga siya ng oras pagkatapos ng performance para sa pakikipagkwentuhan, pictures at autographs.

“Thank you, Adria!” sabi ng isang babaeng nagpa-autograph at nakipag-selfie sa kanya at binigyan niya ito ng isang huling yakap bago siya tuluyang umalis.

Nang makabalik sa dressing room niya at naisara ang pinto, saka siya sumandal doon, bumuga ng hangin at tila hapong-hapong nagpunta sa vanity niya. Naupo siya at tumungo para ipatong ang noo sa pinagkrus niyang mga braso.

Hindi siya nag-angat ng ulo nang may kumatok sa pinto bago iyon agad ding bumukas. Isang tao lang ang gagawa niyon, ang agent niyang si Albie.

“Mumsh, may nagpapabigay nito sa 'yo,” sabi nito bago nito niyugyog ang mga balikat niya.

She groaned and didn't lift her head. “Lagay mo na lang sa kung saan, mumshie.”

“Aba gan'un-gan'un na lang? Baka naman gusto mong itanong kung sino ang nagpapabigay,” pahabol nito.

“Sige na, sino?”

“Si Stephen Buencamino.”

Pamilyar ang pangalan na iyon kaya ibinaling ni Adria ang mukha sa direksyon kung saan nanggagaling ang tinig ng agent niya. Naguluhan

pa siya dahil hindi niya ito makita. Ang nagsasalita ay isang malaking itim na cardboard box na may gold na logo ng isang sikat na flower shop kung saan nakasilip ang dalawang dosena yatang red roses.

Tumuwid na siya sa pagkakaupo pero nanatiling nakatingin sa mga bulaklak. Who would send her these many flowers?

*Ay, wait, who's Stephen—*

“Teka, Buencamino? As in *Buencamino Shipping?*”

Biglang sumulpot ang ulo ni Albie mula sa likod ng kahon. Namimilog ang mga mata nito sa kanya at tumataas-baba ang mga kilay.

“Yesssss,” sagot nito na parang ahas na pinahaba ang mga s sounds.

Hindi rockstar o artista si Stephen. Businessman ito. Pero gaya ng isang celebrity, marami ang nahuhumaling at nagpapantasya rito mula nang ma-feature ito sa isang women's magazine.

Sa totoo lang kasi, hindi mahilig sa artista si Adria pero sekreto niya ang pagkahilig niya sa mga guwapo. At *honguwapo* naman kasi ni Stephen! Matalino, makisig, articulate, gentleman...

Kunwari pa si Adria noon na hindi siya interesado nang una niyang makita ang picture nito. Girlfriend kasi ng isa sa apat niyang kuya ang

may dala ng magazine at ipinahiram lang sa kanya. Kung malalaman kasi ng mga kuya niyang may crush siya sa lalaki, naku! Hindi siya makakakilos sa panunukso ng mga ito. Kaya sekreto siyang bumili ng sarili niyang mga kopya ng magazine. Dalawa ang binili niya para isa iyong babasahin niya at iyong isa ay hindi niya bubuksan para hindi malukot.

“Sandali, sigurado ka?” tanong niya kay Albie na ngayon ay may hawak nang isang malaking kahon ng mamahaling Belgian chocolates. Bukas na iyon at kinakain na ng lalaki.

“Oo nga, mumsh! Mukha ba akong nakakalimot ng mayaman?”

“Sira!” Inagaw niya ang kahon ng chocolates at kinuha ang card na naroon.

Walang mensahe. Nakalagay lang ay *To Adria*—Pagkatapos ay ang print na ng card na pangalan ng lalaki.

“Papasukin ko na, ah!” pasigaw na saad ng agent niyang papunta na sa pinto.

“Ha? Sandali!”

Pero binuksan na ng baklitang demonyita niyang agent ang pinto at nakita na niya ang lalaking nakatayo sa labas at nakasandal sa dingding.

The man outside her dressing room was tall, with a powerful frame, wide shoulders and long

legs. His hair was dark brown and slightly wavy. His face was also incredibly masculine, with a regal forehead, a straight nose and a sexy, sensual mouth, and eyes that seemed to become more intense when he saw her.

He was even more handsome than she remembered from that magazine although he was a bit older now. Hindi na boyish ang hitsura nito pero naging mas sexy lang ito kaysa cute. Mas gumuwapo. Mas tumindi ang appeal. Mas naging makisig.

“Adria,” ani Albie. “This is Mr. Stephen Buencamino. Mr. Buencamino, this is Adria Henares.”

Hindi inalis ni Stephen ang mga mata sa mukha niya at nakadama siya ng matinding pagnanasa... teka, ano daw? Ang ibig niyang sabihin ay *pagkamangha* at *paggalang!* Dahil ngayon lang niya ito nakilala at hindi pa dapat binabastos kahit sa isip lang niya. Saan naman kasi galing iyong pagnanasa?

And she really wished he couldn't see that in her suddenly hot and flushed face.

Sinimulan niyang ilahad ang palad bago niya nakitang green iyon. Green iyon? Green iyon! Green siya! Naka-full makeup pa pala siya! Mabilis niyang binawi ang kamay bago pa mahawakan ni Stephen

ang palad niya.

“I’m sorry. I’m green.” Sinundan iyon ng matinis na bungisngis na di niya akalain na nanggaling sa kanya.

*Diyos ko, nakakahiya ka!*

Bigla na lang kasi siyang natatawa kapag kinakabahan. Saka nagiging soprano rin siya!

Mabagal lang na tumango si Stephen pero inabot pa rin nito ang kamay niya.

“It’s a pleasure to meet you, Miss Henares.”

Ang lalim ng boses nito. Iyong boses na masarap marinig na bumubulong ng mga pangako sa tainga mo habang nasa ibabaw mo iyong nagsasalita.

Buti na lang at may pintura pa ang mukha niya. Hindi nito makikita kung gaano siya kapula ngayon. Lalo na dahil hindi pa nito binibitawan ang kamay niya.

Tumikhim siya. “Did you enjoy the show?”

Hindi sinasadyang nag-focus siya sa mga labi nito pero hindi niya kinaya. Baka tuluyan siyang trangkasuhin kung patuloy siyang magpapantasya sa mga labi nito. Umangat sa mga mata ni Stephen ang paningin niya.

“Yes, I did. You have a very beautiful voice.”

“Thank you.”

Buti nagpatuloy sa pagsasalita si Stephen bago

pa siya muli na namang bumungisngis na parang si *Minnie Mouse*. “I know it’s short notice, but may I invite you out to dinner or drinks?”

Ang totoo niyon hindi mahilig magsasama si Adria sa kung kani-kanino lang na nag-aya sa kanyang lumabas. Pakiramdam kasi niya boring siyang kasama at wala siyang masasabi kung maiwan siyang mag-isa kasama ng isang lalaki. Kaya madalas ay kasama niya si Albie sa mga dates niya. Isa pa, mahirap na kasi. The last time she went out on a date with a guy on her own, nasa kotse pa lang sila papunta sa restaurant, kung saan-saan na pumunta ang kamay nito.

Not that she thought babastusin siya ni Stephen, ha. Mukhang matino naman itong lalaki.

Siniko siya ni Albie kaya siya napalingon dito. Ngumuso ito na para bang wala roon sa tapat nila si Stephen.

Nababasa na niya ang gusto nitong sabihin: *Sumama ka na, gaga! Ang guwapo niyan o!*

Nagsalita ulit si Stephen. “I understand that you might not be comfortable going out with me since this is the first time we’ve met. But will you go out to dinner with me if you have a chaperone?”

Siniko siyang muli ni Albie. Tatamaan na talaga sa kanya ’to mamaya, eh!



“Yes, of course. Albie, can come with us, right?”

Tumango si Stephen na may maliit na ngiti sa mga labi. “Of course.”

“Why don’t you come in?” aya bigla ng namimihasa niyang agent. “We can wait inside while Adria cleans up.”

*Talagang pinapasok na sa dressing room?*

Ngumuso rin siya dahil hinawakan pa ni Albie si Stephen sa braso para alalayan ito papasok. Ano ang akala nito sa lalaki? Hindi kayang maglakad mag-isa?

“Please have a seat,” sabi ni Albie nang makapasok silang tatlo. Pinaupo nito si Stephen sa sofa sabay baling sa kanya. “Hoy, Adria, bihis na!”

Napatingin siya kay Stephen.

Nagsalita ito. “You know what? Dressing room mo nga pala ito. If you would rather I wait outside—”

“Nope, no, it’s all right. I have a bathroom.” Itinuro pa niya iyon gamit ang hinlalaki. “Doon na lang ako magbibihis. Oh, and thank you for the flowers and the chocolates.”

“You’re welcome.”

Tumango siya at muling itinuro ang banyo. “I’ll just be...”

Tumango na rin ang lalaki at nagmamadali siyang pumasok sa banyo. Isinara niya ang pinto sa

likuran niya saka siya sumandal doon.

Hindi siya makapaniwala. Si Stephen “Forever ko nang Crush” Buencamino! Nasa labas at inaya siyang mag-dinner! Nananaginip ba siya?

Napatingin siya sa salamin at nakita ang green niyang mukha at leeg, at ang green din niyang mga kamay. Nope, hindi ito panaginip. Panaginip kung makikita niya ang lalaki na perfect ang mukha at kutis niya, kung nakasuot siya ng sexy na damit at matching underwear. Pero dahil siya si Adria Henares, imposibleng *hindi palpak* ang paghaharap nila ng crush niya.

Pero sige na, bilisan na niya at sayang ang oras! Ka-share pa naman niya si Albie sa atensyon ni Stephen ngayon. Kailangang quality ang bawat segundo para makaulit siya ng date.

At kung ganoon, igagapos na niya ang malandi niyang agent sabay lagay ng busal dito para hindi ito makasama sa kanilang dalawa sa second date nila ni Stephen.

*Chos.*

Huminga siya nang malalim. Ang totoo niyon ay mabilis pa rin ng tibok ng puso niya at parang nagkukuyom ang sikmura niya sa kaba. Ilang beses siyang huminga nang malalim bago nagpasyang magkuskos ng makeup remover bago siya maligo.

Sa pagkatuliro niya, tapos na siyang mag-shower nang mapagtantong wala siyang dalang bihisan sa loob ng banyo. Maging ang tuwalya at bathrobe niya ay nasa labas. Sa katunayan, naalala niyang nakasampay iyon sa armrest ng sofa kung saan kasalukuyang nakaupo si Stephen.



Huminga nang malalim ang lalaki at mabagal iyong pinakawalan. He had to grit his teeth to stop himself from doing something crazy, like taking her in his arms and kissing her. Or asking her to marry him. Pareho lang iyon.

Nang lumapag si Stephen ng London kahapon, gusto na kaagad niyang pumunta sa teatro para maghintay na mag-open ang play kahit pa para sa show kanina ang ticket niya. Ngayon pa lang, gusto na niyang ulitin ang panonood.

Gusto na niyang dito tumira sa dressing room ni Adria para samahan ito.

At para bantayan ito.

Hindi pa rin niya alam kung paano haharapin ang fiancé ng kapatid, kung hahanapin ba niya ito o kung makikipagkita siya kay Ryan. Hindi rin niya alam kung ano ang gagawin niya sakaling makasabay niya ito rito sa backstage. Baka suntukin niya ito. Ang masama, hindi iyon dahil niloloko nito si Carly,

kundi dahil pinopormahan nito si Adria.

Iniwan siya ni Albie saglit nang may tumawag dito mula sa labas. Pinagmasdan ni Stephen ang dressing room ng babae. Malinis iyon at organisado. Ang makalat lang ay ang vanity table nitong puno ng iba't ibang uri ng makeup. May mga damit na naka-hanger sa isang clothes rack at mga sapatos sa ilalim niyon. Marami ring vases ng mga bulaklak na nakakalat sa paligid.

Pero ang nangingibabaw sa isip niya ay ang bango ng silid. It was a subtle floral scent, sweet but not cloying, giving him the same mix of innocence and seduction that he would forever associate with Adria.

Huminga siya nang malalim. The scent went straight to his head, then lower to heat his belly and to make his body harden.

God damn it! Bakit ba ganito na lang siya kabilis tumugon sa babaeng wala namang ginagawa para akitin siya? As a matter of fact, she had been green. Literally. It was supposed to be funny but she was still so sexy.

Saan ba kasi nanggagaling ang amoy na iyon?

Saka siya napalingon sa arm rest ng sofa at napuna ang kulay pink na robe at tuwalya. Inabot niya ang robe at dinama ang malamig na seda. Agad

siyang binigyan ng imahinasyon niya ng imahe ni Adria na suot iyon habang mabagal at mapang-akit na papalapit sa kanya habang nalalaylay ang isang bahagi ng robe para ilantad ang isang makinis na balikat.

Sasalubungin niya ito, susundan ng mga daliri ang linya ng balikat nito, pagkatapos ay ng mga labi niya, saka niya hihilahin pababa ang suot nitong robe para ilantad ang dibdib nito...

He hissed out a breath and stood up. Damn it! He had to have more control than this! He was a grown man, not a seventeen-year-old virgin who just saw his first naked woman! He had to get a grip bago pa niya ito matakot dahil secret manyak pala siya.

Noon niya narinig ang sunud-sunod na mahinang katok. Una, napatingin si Stephen sa pinto palabas sa hallway pero hindi roon galing ang mga katok. Sa banyo? Bakit naman kakatok si Adria mula sa loob?

Lumapit siya sa pinto. "Yes?"

Bahagyang bumukas ang pinto. Hindi sumilip ang babae pero tumakas ang nakaliliyong bango ng body wash at shampoo nito.

"I'm sorry," sabi nito na halatang nahihiya. "I forgot my robe and towel outside, on the sofa. Uhm..."

He actually had to swallow the groan that wanted to escape his throat. Nakahubad ba ito sa likuran ng pinto? She was killing him.

He gritted his teeth as he walked to the sofa para kunin ang mga gamit nito, saka siya bumalik sa pinto ng banyo. Ipinasok niya ang kamay na may hawak sa robe at tuwalya. Maliit ang kamay na kumuha ng mga iyon at hindi na kulay berde.

“Thank you,” sabi nito bago sinimulang isara ang pinto nang bawiin niya ang kamay.

Nanatiling nakatayo roon si Stephen, walang kalaban-labang ini-imagine ang ginagawa ng babae.

Napalundag siya sa gulat nang muli itong kumatok.

Tumikhim siya. “Yes?”

Muling bumukas ang pinto pero hindi ito sumiliip. “I’m sorry. I... can you... there’s a bag beneath the vanity. My clothes are in there.”

“All right.”

Saka siya nagpunta sa vanity para kunin ang isang backpack. Iyon naman ang iniabot niya sa dalaga. Muli itong nagpasalamat sa kanya saka muling isinara ang pinto.

This time, si Stephen na ang gustong kumatok para sabihin ditong makikiligo siya. He needed a cold shower.

## CHAPTER *Two*

*G*aya ng inaasahan, si Albie ang dumaldal habang kumakain sila. Iyon naman ang papel nito sa buhay ni Adria. Agent, chaperone, human shield.

Mukha namang okay lang kay Stephen na mas madaldal ang kasama nila kaysa sa kanya. Pakiramdam niya rin ay mas marami itong malalaman kay Albie kaysa sa kung siya ang magsasalita.

Isa pa, puwede niyang obserbahan lang ang lalaki habang kumakain sila, isang bagay na hindi niya masyadong magagawa kung kausap ito. Kaya lang sa tuwing magnanakaw siya ng tingin kay Stephen, nakatingin din ito sa kanya.

“So wala ka pang boyfriend?” tanong ng binata.

“Single ’yan!” agad na sagot ni Albie na may palo pa sa braso ng lalaki.

Tapos na silang maghapunan at nasa kalagitnaan na ng dessert. Alam na siguro ni Stephen ang kuwento ng buhay niya, salamat kay Albie, pero malamang ay naiisip na rin nito na baka mas mabuti pang ang agent na lang niya ang i-date nito. Wala pa sigurong sampung salita ang sinabi niya buong gabi.

“Pero imposible namang walang nanliligaw sa ’yo.”

“Naku, marami!” muling sagot ni Albie para sa kanya. “Pero pihikan kasi ’yang sa Adria kaya walang pumasa.”

“Ano ba kasi’ng gusto niya sa lalaki?”

She stole another glance at Stephen’s face. Nakatingin na naman ito sa kanya at may maliit na ngiti sa mga labi.

“Hindi ko nga rin alam,” ani Albie. “Kasi mula nang makilala ko siya, wala naman siyang nababanggit sa ’kin na gusto niya. Saka may trust issues ’yan. Gusto niyan santo! Kahit sino’ng ipakilala ko, hindi pumapasa!”

“Ito naman,” saway na niya sa wakas. “Baka naman isipin ni Mr. Buencamino, eh, kung kani-kanino mo ako ibinubugaw.”



“Kung puwede nga lang para naman lumabas-labas ka,” balik ni Albie bago hinarap ulit si Stephen. “Ermitanya kasi ’yan dito. Kung hindi ko pa hinihila, malamang hindi pa niyan makikita ’yung *London Eye* saka *Buckingham Palace*! Ilabas mo nga siya! Kailan ka ba free?”

“Alberto!”

“Ay, susmaryosep, buong pangalan ko na ang ginamit!” Tumawa ito. “Sige na, shut up na ako.”

“Sorry,” hiyang-hiya niyang sabi kay Stephen. “Minsan talaga hindi niya makontrol ang bibig niya.”

“It’s okay,” sagot ng lalaki na nakaangat ang isang sulok ng mga labi. “Pero alam mo, kung okay lang sa ’yo, I’d be happy to take you out. Para sabay na tayong makapamasyal dito. Ayoko rin naman kasing lumibot dito na ako lang mag-isa.”

“Ay, go! Labas lang kayong dalawa!” muling hirit ni Albie. Inapakan niya ang paa nito sa ilalim ng mesa.

“Gaano katagal ka ba dito sa London?” curious niyang tanong.

“Three weeks. Plenty of time to go around.” He held her gaze. “So, okay ka lang bang samahan akong mamasyal?”

Paa naman niya ang inapakan ni Albie sa ilalim ng mesa. Sinipa niya ito. Saka siya tumango kay

Stephen.

“All right.”



“Thank you for dinner and for the ride home, Mr. Buencamino,” magalang na sabi ni Adria nang makababa ito sa dulo ng street kung saan naroon ang bahay nito.

Inihatid niya ang dalawa matapos ang hapunan nila pero hindi nagpahatid si Adria sa bahay nito. Doon na lang daw niya ito ibaba pati na si Albie sa dulo ng street.

Naalala niya ang sinabi ni Albie na may trust issues ang dalaga. Baka kasama iyon sa ibig sabihin ng agent. Okay lang kay Stephen kung hindi pa ito lubos na nagtitiwala sa kanya. Iba na rin naman kasi ang panahon ngayon kaya mas mabuti na ang nag-iingat.

“You’re welcome, Miss Henares.”

“Why don’t you come and see the show again on Monday?” sabat na naman ni Albie bago pa ito masaway ni Adria.

Under normal circumstances, baka napikon si Stephen sa lalaki. Madaldal kasi ito at sabat nang sabat kahit si Adria ang kinakausap, pero naisip din niyang okay lang iyon dahil likas na tahimik at mahiyain ang babae. Kung wala ang agent nito, baka

hindi siya nito masyadong kausapin. Kung hindi nga lang niya ito nahuhuling nagnanakaw ng tingin, baka isipin niyang hindi ito interesado sa kanya.

Isa pa, kahit halatang protective si Albie sa alaga, halatang gusto nitong ireto si Adria sa kanya. Buti na iyon dahil nang una niya itong makilala, saglit siyang kinilatis ni Albie, siguro para tingnan kung may pag-asa ito sa kanya. Buti at wala itong ginawang kalokohan. Mukhang napagdesisyunan din nitong mas maganda kung ipaubaya na lang siya nito kay Adria.

“He doesn’t want to watch the show again, Albie,” sabi ng babae rito. “He already saw it!”

“Actually,” sabat niya para pigilan ang dalawang nagsisikuhan na naman. “I’d love to watch it again.”

*I’d love to watch you forever.*

“Great!” masayang sabi ng agent. “She’s on the 7:30 PM show on Monday! I’ll leave a ticket for you at the window.”

Tumango siya at muling nginitian ang dalawa. “Thank you. I appreciate it.”

“Good night,” tango ni Adria.

“Good night,” sabi na rin niya. Ngumiti ang babae saka nito hinila ang braso ni Albie na kumaway sa kanya bago ito nagpakaladkad palayo.

Gusto sana niyang panoorin ang dalawa hindi

dahil gusto niyang malaman kung saan nakatira si Adria, pero dahil ayaw pa niyang mawala sa paningin niya ang babae. Pinilit lang niyang sumakay ulit sa kotse dahil alam niyang hindi hihinto sa bahay nito ang dalawa habang naroon siya.

Di bale na. If he had his way, magtitiwala rin si Adria sa kanya.

Kaya lang sa palagay niya ay kailangan niyang manligaw, iyong tradisyonal na ligaw sa dalagang Pilipina, at hindi iyong ligaw ng mga Western cultures na nakagawian niya. Iyong isang ngiti, isang kindat, dinner and drinks, pagkatapos ay tanggap na siya sa kama ng babae. Mukhang kailangan niya ng flowers at chocolates at romance.

He was a bit rusty but he could do it. Nanligaw naman siya at sa tanang buhay niya, hindi pa nabasted ni minsan si Stephen. He wasn't going to let Adria deal him his first rejection, lalo na't ngayon lang siya nagkagusto nang ganito katindi sa isang babae.

Lalo na dahil ang kaagaw niya rito ay ang gagong mahal ng kapatid niya.

Isa pa iyon. Si Albie na mismo ang nagsabi na walang nanligaw kay Adria. Pero nakausap niya mismo si Lydia na kaibigan ni Carly. Ito mismo ang nakakita na nagbigay ng bulaklak si Ryan kay

---

Adria, na magkasama ang dalawa sa isang restaurant, pagkatapos ay sa isang hotel. Hindi ba alam ni Albie ang tungkol kay Ryan?

Bahala na. Malalaman din niya ang katotohanan. At kung totoo ngang nililigawan din ng tarantado si Adria, hindi ito magwawagi.

No, Stephen wasn't going to let him.

## CHAPTER *Three*

*R*atatapos lang maglinis ni Adria ng bahay nang mag-ring ang smartphone niya. Walang performance kapag Linggo kaya sa ganoong araw siya naghahabol sa mga kailangang gawin sa bahay at sa buhay na walang kinalaman sa trabaho. Hawak pa niya ang mop nang abutin ang telepono. Unknown number ang nasa screen. Madalas hindi siya sumasagot ng mga tawag mula sa mga hindi niya kilalang numero pero ito, sinagot niya sa hindi niya alam na kadahilanan.

“Adria.”

Pamilyar ang mababa at sexy na tinig. Gayundin ang reaksyon ng sikmura niya.

“I’m sorry. Who is this?” tanong pa niya kunwari kahit pa alam naman na niya kung sino iyon.

“It’s Stephen.”

Kinailangan niyang lumunok nang ilang beses bago makapagsalita ulit. “Oh, hi”

“Albie gave me your number. I hope you don’t mind.”

“Ah, no, hindi naman.”

“And don’t be angry at him. I had to promise him that my intentions are pure and noble before he gave it to me.”

Hindi napigilan ni Adria ang bungisngis. Natawa lang talaga siya sa ideyang nangako itong pure at noble ang intensyon nito sa kanya. For some reason, she didn’t doubt it. He seemed like a nice, decent guy.

Hindi na nga rin siya magtataka kung alam na rin ng lalaki kung saan siya nakatira. Marupok ang romantic heart ni Albie. At ito na rin ang nagsabi, bugaw rin niya ito dahil gusto nitong may makilala naman siya sa London.

“All right,” aniya. “Uhm, what’s up?”

“Do you want to go out for lunch?”

Simple lang, direct to the point na itinanong gamit ang confident na tono. Siya naman, nataranta. Siguro may sampung segundo siyang nakanganga habang ina-analyze ang isasagot.

Oo, dahil oh, my Lord, gusto niya! *Hindi*, kasi nahihiya siya. Hindi siya handa. Ang dungis-dungis niya.

“Hello?”

“Yes! Nandito pa ako. Sorry.”

He laughed lightly. “So, do you want to go out?”

“For lunch?” Napangiwsi siya sa kagagahan ng tanong niya. Malamang for lunch! Iyon nga ang sinabi, di ba? Alangan namang for life!

“Yes,” sagot nito.

“Okay,” she managed. Sige na, tutal gusto naman niya.

“Great. I’m at the end of your street right now.”

“What?”

“Nasa street mo na ako, d’un sa café d’un. Kanina pa kasi ako nasa labas kaya n’ung dumaan ako sa street ninyo, naisip kong huminto na at tumawag sa ’yo.”

Nagsimula na naman siyang mautal bago kinalma ang sarili. “Okay, okay. Ano kasi, buong umaga akong naglinis kaya ano...”

*Kailangan ko ng four hours para magpa-parlor, manicure/pedicure at makeup para maging confident akong harapin ka!*

“Don’t worry. I know it’s short notice so take your time. Hihintayin na lang kita dito, ’tapos saka tayo pumunta sa kung saan mo gustong kumain.”

“Sige. Mga ten... hindi, twenty minutes, nand’yan na ako.”

“All right. I can’t wait to see you again.”



Namula ang mukha ni Adria sa kilig sa sinabi nito. “I, uh... yeah, me too.”

Sa taranta at pagkapahiya, pinutol niya ang tawag nang hindi nagpapaalam. Isang buong minuto siyang tumayo sa gitna ng sala niya na hawak ang mop at ang smartphone, iniisip kung ano ang nangyari. Nang ma-realize na dahil doon ay may eighteen minutes na lang siya para maligo at mag-ayos, saka siya kumaripas ng takbo papunta sa kuwarto niya.

She was done showering after seven minutes and was dressed nine minutes later. Hindi na siya nag-inarte sa isusuot. Medyo malamig sa labas kaya nagsuot siya ng kulay plum na sweater sa ilalim ng itim na leather jacket, jeans, at komportableng sneakers. Hindi rin siya nag-makeup bukod sa pulbos at gloss. Hindi lang dahil wala na siyang oras pero dahil araw-araw siyang kulay green para sa role niya, mas gusto na niyang walang kolorete kapag hindi talaga kailangan.

Hindi sa hindi niya kailangang mag-makeup para kay Stephen, dahil kung may isang taong gusto niyang ma-impress sa ganda at alindog niya, kung meron man siya niyon, si Stephen Buencamino na iyon. Pero casual lunch lang naman ito saka ang binata na rin ang nagsabi na madalian kaya sana huwag na itong mag-expect na darating siya roon

na glamorosa.

Lakad-takbo ang ginawa niya papunta sa café pero nang malapit na siya, binagalan niya ang paglalakad. Hindi niya kailangang hanapin si Stephen dahil agad na nagtungo sa binata ang mga mata niya. Nakasuot ito ng cream-colored na turtleneck sweater at jeans.

Kahit casual ang suot nito, hindi mo maiisip na normal, average, everyday guy lang ang lalaki. He had this air of confidence that was almost arrogant but you know it was only because he knew exactly who he was and what he was capable of.

Women were drawn to him, obviously, dahil kung tingnan ito ng mga babaeng dumadaan sa kung saan ito nakaupo, akala mo celebrity ito. He ignored them, of course, dahil sa kanya nakatuon ang mga mata nito.

He smiled and slowly stood up from his seat. Hindi niya alam kung bakit maging ang pagtayo nito mula sa silya ay sexy.

“Hi,” bati nito at wala na siyang pagkakataong mataranta.

“Hi,” mahiyain niyang bati saka siya naupo sa silyang hinila nito para sa kanya.

Nakadama siya ng kakaibang init nang tahimik siya nitong pagmasdan. Na-conscious siya pero hindi dahil nag-aalala siyang hindi nito nagustuhan

ang nakita. Na-conscious siya dahil hindi nito itinago ang paghanga.

“Do you want anything from the café?” tanong ni Stephen.

*You mean aside from you?* Tumikhim siya. “Ah, no. No, actually.”

“Saan mo gustong kumain?”

“May alam akong pub. Malapit lang. Puwedeng lakarin. Masarap ang lunch menu nila d’un. ’Yun, eh, kung kumakain ka sa mga pubs?” Mamaya sa sosyal na restaurants lang pala ito kumakain. Baka mainsulto na inaya niya ito sa pub.

He smiled. “Oo naman. Shall we?”

Tumayo silang dalawa at nag-iwan ng pera si Stephen para sa kape sa mesa bago sila nagsimulang maglakad. Ang tangkad lang talaga ng lalaki saka parang ang lapad ng mga balik at ng dibdib.

Tahimik lang sila hanggang sa marating ang pub na tinutukoy niya. Kilala siya roon kaya binati siya ng waitress na si Katie na namimilog ang mga mata. Tumaas-baba pa ang mga kilay nito bago ikinilos ang ulo para tukuyin si Stephen na abala sa pagbabasa ng laminated menu na iniabot ng babae rito.

Tiningala ni Stephen si Katie. “Everything looks delicious. What would you suggest I try?”

Parang nasa isang mamahaling restaurant ito at wala sa simpleng pub nang magtanong ito kay Katie.

Naka-focus din ang mga mata ng lalaki sa waitress na nagsimulang mamula. Siguro ay lampas twenty years ang tanda ni Katie rito at mahal na mahal ng babae ang asawa nito pero sa sandaling iyon, talagang kinabahan si Adria na baka iwan nito ang asawa para kay Stephen kung aayain itong magtanan ng lalaki.

“You can never go wrong with the Sunday roast,” ani Katie. “It’s roast beef and potatoes with Yorkshire pudding, vegetables and gravy.”

“Sounds great. I’ll have that.” Nag-order din ito ng beer.

Siya naman ang binalingan ng babae. “And you, sweetie. The usual?”

“Yes, Katie. Thank you.”

“What’s the usual?” tanong ni Stephen nang iwan sila ng waitress.

“Fish and chips,” aniya na medyo nahihiya. Iyon na yata ang pinaka-cliché na pagkain, pero iyon talaga ang paborito niya.

“Iyon din ang inorder mo n’ung Friday,” puna ng binata.

“Natatandaan mo?” gulat niyang tanong.

Again, that small smile of his. “I tend to remember things about people I like.”

Ayan na, nataranta na siya. Hindi niya alam kung paano mag-re-act. “Naku, madali lang din naman maalala ang mga gusto ko. Sa susunod na lumabas

tayo, fish and chips pa rin ang kakainin ko.” Biglang lumipad dito ang mga mata niya nang maisip kung ano ang sinabi. “Not that I’m expecting you to ask me out again! Or that I want to go out again with you! No, that’s not right. I just meant... uhm.”

Tumawa si Stephen nang tuluyan na siyang matahimik para hindi na muli pang ipahiya ang sarili. “I get what you mean. I also hope that you do want to go out with me again because I’m planning on asking you out again after this date is over.”

“We’re on a date?”

Wait, did she sound hopeful? *God, relax, Adria!*  
*Tama na ang pagpapahiya sa sarili!*

Ngumisi ang binata. “I’m hoping we are. And I’m hoping we can do it again.”

Siya naman ang tumawa, and in an attempt to sound sophisticated, said, “Let’s see how this one goes first.”



“Alam mo, ang first impression ko sa ’yo mahiyain ka,” sabi ni Stephen habang naglalakad sila sa isang park matapos magtanghalian. “At base sa obserbasyon ko, tama ako. Mas komportable ka sa tahimik at hindi sentro ng atensyon. So why be an actress?”

“Acting gives me freedom to be someone else,”

ani Adria habang masayang kinakain ang hawak nitong ice cream cone.

Nagsalubong ang mga kilay niya. “Why? Don’t you like being yourself?”

Noon nabali ang concentration nito sa pagkain. Napalingingon ito sa kanya at mukhang noon lang na-realize kong ano ang sinabi nito sa kanya.

“Oh, it’s not like that,” sabi nito na namumula ang mukha at natatawa. “Mahilig lang kasi talaga akong gumawa ng kuwento n’ung bata ako. I wasn’t a liar,” mabilis nitong pagkaklaro, “pero active ang imagination ko. Saka mahiyain kasi talaga ako. The only way I could get over that was to be someone else on stage. Saka mas gusto ko ’yun na alam ko na kaagad kung ano ’yung ending. It’s less complicated than real life when you have no idea what to expect.” She glanced at him. “Tumutulo na ’yung ice cream mo.”

Napatungo siya sa hawak na cone at napunang nasa daliri na nga niya ang ice cream. Inangat niya iyon sa bibig niya. Hindi sinasadyang napatingin siya kay Adria habang nasa bibig niya ang daliri niya. She looked mesmerized. Umangat ang isang sulok ng mga labi niya.

“Tumutulo na ’yung ice cream mo,” sabi rin niya.

Ito naman ang tumingin sa hawak na ice cream bago nito halos kinagat ang cone kung saan muling

nagbabadyang tumulo ang dessert. He grinned. She was so cute.

“Anyway, you were saying?” udyok niya.

“Ano ’yun?” tanong nito na naguguluhan bago maisip kung ano ang pinag-uusapan nila bago ito na-distract. “Ah, ’yung pag-arte. ’Yun medyo aksidente ’yun,” patuloy nito. “Nahuli kasi ako ng isa sa mga kuya ko minsan na nakikipagsayaw sa unan ko habang tumutugtog ’yung theme song ng *Beauty and the Beast* sa background.” Namula ito lalo nang mapangisi si Stephen.

“Napilitan akong umamin na gusto kong maging theater actress kasi tinukso nila akong ini-imagine ko raw ’yung kapit-bahay namin na akala nila, eh, crush ko. ’Tapos ’yung mommy ko naman, nag-aalalang baka nababaliw na raw ako sa sobra kong isolation. Bago pa niya ako piling lumabas ng bahay para makipaglaro sa ibang bata, nagpasama na lang ako sa audition para sa kauna-unahang play na sinalihan ko. At least ’yun, may control ako sa mga makakausap ko. Saka lang sila naniwala n’ung nakita na niya ako sa stage.”

“Ano’ng una mong role?”

“Backup hula dancer.”

Muling tumawa si Stephen. Ang totoo, hindi na niya maalala ang huling beses na nag-enjoy siya sa date kahit kumakain lang sila ng ice cream,

nagkukuwentuhan habang naglalakad. It was so simple... and sweet. Naroon lang sila dahil gusto nilang kilalanin ang isa't isa. Walang kailangan si Adria sa kanya, at wala siyang ibang gusto kundi ang makasama ito.

Nakinig lang siya sa dalaga habang nagsasalita ito. Ikinuwento nito sa kanya noong malaman nitong nakuha ito bilang *Kim sa Miss Saigon* na una nitong malaking role. Ikinuwento rin ni Adria ang tungkol sa pamilya nito at na may apat itong mga barakong kuya.

She looked happy and comfortable with him, at ipinapagpasalamat niya iyon. Ayaw naman kasi niyang lumabas silang kasamang muli si Albie kung asiwa pa rin si Adria sa kanya.

“Eh, ikaw? Dalawa kayong magkapatid, di ba? Kayo ni Carly?”

Hindi niya inaasahan ang tanong na iyon kaya muntik na siyang masamid sa bigla niyang paglunok ng ice cream.

“Paano mo nalamang may kapatid ako?” tanong niya nang huminto siya sa pag-ubo at binawi na rin ni Adria ang palad na tumatapik sa likod niya.

He didn't mean the question to be sharp pero bumalik kasi sa isip niya si Carly at si Ryan, at nakadama siya ng selos na hindi niya maipaliwanag at hindi niya dapat nadarama.



Sinubukan niyang kontrolin ang ekspresyon, lalo na nang muling mamula ang mga pisngi ni Adria at kinagat nito ang labi.

“Huwag kang tatawa, ha.”

“All right,” duda niyang saad.

“Alam mo ’yung feature mo sa *Cosmo* two or three years ago?”

Nabigla siya pero pilit inalala ang laman ng feature na iyon. Oo, nabanggit nga roon si Carly. His expression slowly relaxed at lumabas din ang isang mapanuksong ngiti sa mga labi niya. “Oo.”

“I have two copies of that magazine.” Napahinto ito. “Hindi ko naman ’yun dapat inamin sa ’yo, di ba? Puwede namang sabihing nabasa ko lang siya.”

Tumawa na si Stephen. “Okay lang. I’m flattered.”

Tinakpan nito ng isang kamay ang mukha. “And I’m embarrassed.”

Inabot niya ang pupulsuhan ni Adria para ibaba ang kamay nito. And to test her, he didn’t release her right hand. She didn’t seem to mind.

“Sigurado kang wala kang boyfriend?” tanong niya.

Malakas itong tumawa. “Wala nga! Kulit!”

He grinned at her again.

“Bakit? Paano kung meron?”

Nagkibit-balikat siya. “Eh, di aagawin kita.”

Akala niya ay nabulunan ito sa ice cream. Pinisil

niya ang kamay nito.

“Anyway, my sister is doing great.” He paused. “She’s marrying her college boyfriend, Ryan.”

“Ah, talaga? Best wishes to her!” Masaya ang tono nito. Nagpatuloy lang ito sa pagkain ng ice cream habang hinahayaang hawak niya ang kamay nito.

Parang imposible ang sinasabi ni Lydia tungkol kay Adria. She seemed so innocent. Parang hindi ito iyong tipo ng babaeng mang-aagaw ng boyfriend ng may boyfriend. Isa pa, parang hindi nito kilala si Carly o si Ryan.

Pero bakit ito nakita ni Lydia na pumunta sa hotel ng lalaki at nanatili roon nang ilang oras? Unless nagsisinungaling si Lydia. Pero bakit naman nito sisiraan si Ryan o si Adria na tila ubod nang bait?

But then again, Adria was an actress. At ito na rin ang nagsabing magaling itong magsinungaling.

His calculating mind began working. He was going to have to watch his step. Muntik na niyang malimutan ang pangunahing rason kung bakit siya naroon sa London dahil sa nararamdaman niyang atraksyon kay Adria. He really was going to have to be more careful.



Komportable na siya kay Stephen nang ihatid siya nito sa bahay. Naging maginoo naman ito. At sa likod ng pagiging seryoso nito, charming ito at marunong makisama kung pagbabasehan niya kung paano nito pinakitunguhan si Katie.

She really liked him, as in really, really, really Carly Rae Jepsen song liked him. At sana kaya ni Adria na alisin ang insecurity at paranoia niya sa mga lalaki.

Hindi kasi siya iyong klase ng babaeng nililigawan ng mga ganoong klase ng lalaki. As a matter of fact, halos lahat ng nanligaw sa kanya ay may kailangan sa kanya. Mostly ay para tulungan silang sumikat o kaya ay makausad sa career. Every one of them needed something from her. Kaya walang tiwala si Adria sa mga lalaki.

Pero si Stephen, hindi niya ito mahanapan ng dahilan kung bakit ito manliligaw. Hindi ito artista at hindi kailangang sumikat. Hindi nito kailangan ng pera o kung ano pa. Pero hindi pa rin mapigil ni Adria ang mag-isip. What did he need from her?

Tahimik na naman silang naglakad pabalik sa street niya. It wasn't awkward by any means dahil pareho sila ni Stephen na komportable sa katahimikan.

Nang marating nila ang street kung saan naroon ang tinutuluyan niya, nalaman na lang niyang

nagdesisyon na pala siyang magtiwala rito nang huminto siya sa tapat mismo ng bahay niya.

“This is where I live,” aniya rito na nakatingala sa bahay niya. Halos magkakahawig ang mga bahay sa street na iyon maliban sa mga pinto. Iba-iba kasi ang kulay ng mga iyon. Violet ang pinto niya.

Kahit na may tatlo iyong palapag, maliit lang ang bahay. Tama lang para sa living room at dining room/kitchen ang first floor, maliit na sitting room/office ang second, at bedroom at banyo ang third. Ang pinakagusto niya roon ay may tambayan siya sa roofdeck.

Tumingala si Stephen para pagmasdan ang inuupahan niya at ito naman ang pinagmasdan niya. Mukha talaga itong romance novel hero. At hindi lang iyong billionaire CEO pero iyong tipong *Pride and Prejudice* ni Jane Austen. Lalo na kung ire-rewrite ang *Pride and Prejudice* ni Jane Austen at gagawing erotic romance.

Mabilis siyang nag-iwas ng tingin nang muli siyang balingan ni Stephen. “Maganda siya.”

“Oo. Maliit lang pero maganda. Saka tahimik dito. Kasundo ko pati ’yung mga kapit-bahay.”

She stopped talking when she realized she was rambling again. Bumuga siya ng hangin.

“Anyway, thank you for lunch. I really enjoyed it.”

“You’re welcome.”

Nang wala na siyang masabi, umakyat na si Adria sa mga baitang papunta sa front door niya. Nabuksan na niya iyon bago niya muling hinarap si Stephen. Ang totoo niyon, ayaw pa niyang pumasok. Gusto pa niya itong makasama. Kaya lang ano ang gagawin niya? Aayain itong pumasok? Hindi pa yata siya handa roon.

“I’ll see you around, Mr. Buencamino.”

He grinned. “I think at this point, you can call me Stephen.”

Her heart skipped a beat. First name basis na sila! “All right. Thanks, Stephen.”

“Good afternoon, Adria.”

Ngumiti siya muli rito pagkatapos ay isinara na niya ang pinto sa likuran niya.

Hindi niya nakitang marahas na bumuga ng hangin si Stephen at hindi niya alam na nag-iwan ng mga marka sa mga palad nito ang mga kuko ng binata dahil sa higpit ng pagkakakuyom ng mga kamay nito sa pagpipigil sa sariling sundan siya sa loob ng bahay niya, dalhin sa pinakamalapit na kama para doon siya marahas na halikan.